



# ANNOUNCEMENT

## PARA SA MGA NAIS NA SUMALI SA SEALED PUBLIC AUCTION (TRANCHE 187) NARITO ANG MGA DAPAT GAWIN BASE SA BAGONG PROSESO:

1. Ang **dropping area** ay sa **PAG-IBIG Fund JELP Business Solution Center No. 409 Shaw Boulevard, Addition Hills, Mandaluyong City**.
2. Sagutan ng kumpleto ang **Registration form at ang Offer to Bid forms** na makikita sa aming website sa <https://www.pagibigfund.gov.ph/acquiredassets.html> (*auction with discount - NCR Branch*) at e-click ang **“click here to open complete details”** para sa mga nasabing forms. Dapat din na **basahin ang Invitation to Bid at Instruction to bidders** na nakapaskil sa nasabing website para sa mga panuntunan sa pagbili ng mga binebentang pag-aari sa ilalim ng **Sealed Public Auction**.
3. Ihulog ang inyong nasagutang **REGISTRATION FORM at OFFER TO BID FORMS** sa **magka hiwalay na bidding box**. Pumila sa **1<sup>ST</sup> DROP BOX** para sa pag hulog ng inyong **REGISTRATION FORM** at pagkatapos ay sa **2<sup>ND</sup> DROP BOX** para sa pag-hulog ng inyong **BID OFFER/S** sa nabanggit na *dropping area*.

Ang inyong **Bid Offer** ay nasa loob ng isang **SELYADONG PUTING SOBRE** at naglalaman ng mga sumusunod:

1. **2 Offer to bid forms (Individual OTB para sa mga individual na bidder o Juridical OTB para sa company bidder)** na kumpletong nasagutan at napirmahan ng bidder
  2. Kopya ng *valid ID's ng bidder*
  3. *Latest proof of income ng bidder*
  4. Pirmadong *Instruction to Bidders*
  5. Kopya ng *Special Power of Attorney* at ng kanyang *valid IDs* kung may *representative* ang bidder
  6. *Secretary's Certificate* para sa mga *company bidder*.
4. **Walang forms na ipamimigay sa loob ng dropping area** dahil ang mga forms na inyong kakailanganin ay *available* sa aming website na maaari ninyong *i-print* at sagutan. Dapat ay handa at nasagutan na ang mga nabanggit na forms bago pumunta sa *dropping area*.
  5. Tanging *Bidder o Attorney in Fact* (ipakita ang *valid SPA* at *ID*) lamang ang papapasukin sa ating *dropping area* dala ang inyong **SELYADONG OFFER TO BID FORMS** (naka-lagay sa puting sobre o *mail envelope*). Mahigpit din na ipagbabawal ang pananatili ng matagal sa loob ng nasabing area matapos magsumite ng inyong mga *bid offer/s*. Ito ay bilang pag sunod sa panuntunan na ipinatutupad ng ating *IATF* dahil sa kasalukuyang nararanasan na pandemya sa ating bansa.

### PAALALA:

Ang mga **bidder** ay maaring mag sumite ng kanyang **bid offer ng 1 beses lamang sa bawat isang property**. Ano man ang **kakulangan o pagkaka iba-iba ng mga impormasyon sa inyong Offer to bid forms at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka diskwalipika ng inyong bid offer/s**. Kaya't siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.

Lahat ay hinihikayat na sumunod sa ating *IATF health protocols* upang maiwasan ang pagkakaroon ng *Covid-19 virus* at ang pag laganap nito.

Maraming salamat po!